## SO WHAT *What is the relevance of the Word to my life?*

- Kapag ikaw ay nagpapasakop sa iba, nadarama mo ba ang panliliit o ikaw ay nakadadama ng dangal at paggalang sa sarili?
- Nakikita mo ba ang iyong sarili na ikaw ay nagpapasakop dahil lang sa takot o dahil sa parusa sa halip na paggalang sa Diyos o debosyon? Ano ang mga mungkahi mo?
- Alin sa mga kaparaanan ng pagpapasakop ang nahihirapan kang gawin? Bakit sa palagay mo?

## NOW WHAT *How do I apply the Word to my life?*

- Paano mo sisimulang sumunod sa mga pinag-uutos ng Diyos ayon sa pagpapasakop sa bawat isa? Papaano mo isasagawa ang mga bagay na ito simula sa linggong ito?
- Papaano mo maisasaayos ang pakikitungo mo sa mga tagapamahala ng bayan? Ano ang sisimulan mong ipanalangin tungkol sa mga namumuno sa inyong komunidad?
- Para sa mga asawang babae, papaano n'yo igagalang ang inyong mga asawang lalaki simula sa linggong ito? Papaano mo tuturuan ang iyong mga anak na gumalang sila sa kanilang mga ama?

## PRAYER

- Manalangin sa bawat isa sa inyong grupo na matanggap ang biyaya na maisagawa ang sabi ng Diyos na magpasakop sa bawat isa.
- Hingin sa Diyos na baguhin ang iyong kaisipan tungkol sa iyong mga namumunong bayan.
- Pagpalain at ipanalangin ang mga pangangailangan ng mga asawa sa inyong grupo o yung mga malapit sa inyo.

VICTORY

**Honor God. Make Disciples.**

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

FILIPINO




# Para sa mga Asawang Babae

Week 2

## NOTES

## CONNECT

- Kung ikaw ay magiging isang tagapamuno ng bayan anong sangay ng pamahalaan ang nais mong maging tungkulin at bakit?
- Ano ang masasabi mo sa laban ng UFC o pagpapasailalim na labanan? Sabihin mo kung bakit.
- Sino ang tao na ang salita ay hindi ka magkakaproblemang sundin? Bakit?

**WORD**

**[22]Mga babae, magpasakop kayo sa inyong asawa gaya nang pagpapasakop n'yo sa Panginoon. [23]Sapagkat ang lalaki ang siyang ulo ng kanyang asawa, tulad ni Kristo na ulo ng iglesya na kanyang katawan, at siyang Tagapagligtas nito. [24]Kaya kung paanong nagpapasakop ang iglesya kay Kristo, dapat ding magpasakop ang mga babae sa asawa nila sa lahat ng bagay.**

**Efeso 5:22-24**

**WHAT** *What does the Bible say?*

Minsan, ang pagpapasakop ay tanda ng kahinaan o pagsuko dahil minamaliit ang sarili kahambing ang iba. Gayunman sa kabilang banda, ang pagpapasakop ay isang kabutihan na bahagi ng plano ng Diyos, na kung saan ito ay hindi lamang para sa mga asawang babae ngunit ito rin ay para sa lahat. Tuklasin natin ang ilang kaparaanan ng pagsasanay ng pagpapasakop ayon sa Salita ng Diyos.

- **Pagpapasakop sa bawat isa**

  *Magpasakop kayo sa isa't isa bilang paggalang kay Kristo.*

  Efeso 5:21

  (Basahin rin ang Santiago 4:4-7.)

  Sa bandang huli, tulad ng sinasabi ng Bibliya na tayo ay nagpapasakop sa Diyos dahil Siya ay Diyos—kung papaano Niya patuloy na hinahanap ang mga makasalanan sa pamamagitan ng gawa ni Kristo sa krus. Tulad ng Naglalang sa atin at ating Tagapagligtas, Siya ay may karapatan sa atin. Kapag tayo ay nanalig ng ganito, natututunan natin ang magpasakop sa iba gawa na rin ng ating paggalang kay Kristo. Ano ang ibig sabihin ng magbigay-galang kay Kristo?

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

- **Pagpapasakop sa mga tagapamahala ng bayan**

  *[13]Alang-alang sa Panginoon, magpasakop kayo sa lahat ng tagapamahala ng bayan, maging sa Emperador na may pinakamataas na kapangyarihan [14]o sa mga gobernador na isinugo ng Diyos para magparusa sa mga gumagawa ng mabuti.*

  1 Pedro 2:13,14

  Ang pagpapasakop sa tagapamahala ay pagpapakita na ang Diyos ay Diyos ng kaayusan at kautusan (1 Corinto 14:33). Ano man ang kalagayan ng katayuan ng mga tagapamahala, sila ay dapat igalang at ang pagpapasakop sa kanila ay pagpapakita ng ating pananalig sa Diyos na Siyang tunay na namamahala (Roma 13:1-5). Sa paanong mga paraan mo maipapakita ang iyong pagpapasakop sa tagapamahala?

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

- **Pagpapasakop sa asawang lalaki (para sa mga asawang babae)**

  *[1]Kayong mga babae, magpasakop kayo sa asawa n'yo, upang kung ang asawa ninyo'y madala n'yo sila sa Panginoon sa pamamagitan ng mabuti ninyong pag-uugali kahit na hindi kayo magsalita. [2]Sapagkat nakikita nilang may takot kayo sa Diyos at malinis ang pamumuhay ninyo.*

  1 Pedro 3:1,2

  Ang pagpapasakop ng asawang babae sa kanyang asawang lalaki ang pinakamaganda at makapangyarihang larawan ng iglesiya na walang tutol sa pagpapasakop sa pagiging ulo ni Kristo. Kapag sinamahan ito ng pagmamahal ng asawang lalaki sa kanyang kabiak, kinukompleto nito ng larawan na kalooban ng Diyos sa pag-aasawa upang ipakita ang Kanyang luwalhati sa mundo. Wala ng kasunduan sa sangkatauhan ang may ganitong layunin! Sa kaninong pangalan ang dapat basehan ng mga babae sa pagpapasakop sa kanilang mga asawa?

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________